Department of
Education

GOVERNMENT OF
WESTERN AUSTRALIA

Shaping the future

# Pampublikong Usapan at Komento (Discussion Paper)

## Pagrerepaso ng *School Education Act 1999* (Review of the *School Education Act 1999)*

TRIMnumber

[Publish date]

# Mga nilalaman

**Bahagi 1 - Pasimula** ..... **4**
Pagkilala sa Bansa ..... 4
Mensahe mula sa Ministro ..... 4
Ano itong papel? ..... 5
Ano ang pagrerepaso? ..... 5
Ano ang *School Education Act 1999*? ..... 5
Ano ang nasa SE Act ..... 5
Ano ang wala sa SE Act ..... 6
Bakit ginagawa ang pagrerepaso na ito? ..... 6
Paano ginagawa ang pagrerepaso na ito? ..... 6
Paano ka maaaring kasangkot ..... 8
Ano ang gusto naming marinig sa iyo ..... 8
Mga mapagpipilian sa pagbibigay ng balikpuna ..... 8
Takdang-oras sa pagbibigay ng balikpuna ..... 9
Paano gagamitin ang iyong balikpuna ..... 9
Paano babasahin ang Pampublikong Usapan at Komento (Discussion Paper) 9
Ang mga mapagpipilian ..... 9
Iba pang mga dokumento na isa-isantabi sa malapit ..... 10
Pagtutukoy ..... 10
Dapat suriing impormasyon na makakatulong bago magbigay ng pagsusumite (submission) ..... 10
Mga karapatang pantao ..... 10
Pambansang pagbabatas ..... 11
**Bahagi 2 – Listahan ng lahat na mga tanong** ..... **12**
**Bahagi 3 - Detalye ng mga mahalagang isyu at tanong** ..... **14**
1. Pagtatakda ng tono ..... 14
Mga pakay ..... 14
Mga Principles ..... 15
Mga Paliwanag ..... 17
2. Pagsisimula ..... 19
Pagpapatala (Enrolment) ..... 19
Mga mapagpipilian para sa pakikipag-ugnayan ..... 21
3. Buhay paaralan ..... 22
Mga pagganap at katungkulan (Roles and responsibilities) ..... 22

Karapatang mag-adjust at matuto sa dating silid-aralan ..................................... 25
Komunikasyon/konsultasyon ..................................................................................... 27
4. Kapag ang paaralan ay hindi maayos ang takbo ................................ 28
Disiplina, mga pagsususpinde at mga pagpapalayas ......................................... 28
Pinaghihigpitang mga palakad (Restrictive practices) ......................................... 30
Lupon ng Tagapayo sa Kapansanan at Lupon ng Tagapayo sa Disiplina ........... 32
Mga pagtatalo at reklamo (Disputes and complaints) .......................................... 33
Pagtitiyak na patuloy tayong magpapahusay ................................................ 35
**Mga dagdag A (Appendices A) ........................................................................ 36**
Mahalagang mga kataga at acronym .......................................................... 36

# Bahagi 1 - Pasimula

## Pagkilala sa Bansa

Magalang na kinikilala ng Pamahalaan ng Western Australia ang Mga Tradisyonal na May-ari (Traditional Owners) ng mga lupa, karagatan, at katubigan. Iginagalang namin ang mayaman at patuloy na pagbabahagi ng kaalaman sa pamamagitan ng wika, awit, mga ritwal at mga kwentong umaabot na ng mga sampu ng libong mga taon.

## Mensahe mula sa Ministro

Nakapangako ang Pamahalaang WA sa pagsusuporta ng mga bata at kabataan na may kapansanan sa kanilang edukasyon.



Naniniwala ako na ang bawa't bata at kabataang may kapansanan ay may karapatang makakuha ng de-kalidad na edukasyon kung saan makakadama sila na pinahahalagahan, napapabilang at nasusuportahan upang marating ang lubos nilang potensyal.

Ang kamakailang mga pagsisiyasat katulad ng Royal Commission sa Karahasan, Abuso, Kapabayaan at Pagsasamantala ng Mga Taong May Kapansanan (Violence, Abuse, Neglect and Exploitation of People with Disability) ay tumawag ng pansin sa pangangailangan ng pagbabago upang tiyakin na ang mga taong may kapansanan ay lubos na napapabilang sa lahat ng mga aspeto ng lipunan.

Naniniwala ako na ang edukasyon ay may ginagampanang mahalagang papel sa pagbabagong ito.

Upang magkaroon ng isang mapang-angkop na lipunan na maaabot ng lahat ng mga tao ang kanilang potensyal at para masuportahan ang paglago ng mga bata at kabataan, kailangan natin ang isang sistema sa edukasyon na ipinagyayaman ang paggalang, pinahahalagahan ang pagkakaiba-iba at niyayakap at pinapaunlakan ang diprensya.

Ang *School Education Act 1999* ay binalangkas mahigit 25 taon na ang nakaraan, at alam kong may mga okasyon na ang mga estudyanteng may kapansanan at ang kanilang mga pamilya ay binigo ng sistema ng edukasyon.

Ang Pampublikong Usapan at Komento ay nag-aanyaya sa iyo na magbahagi ng iyong mga ideya kung paano babaguhin ang *School Education Act 1999* upang mapahusay ang access at paglalakip sa mga estudyanteng may kapansanan.

# Ano itong papel?

Ang bawa't bata at kabataang may kapansanan ay may karapatang makakuha ng de-kalidad na edukasyon kung saan makakadama sila na pinahahalagahan, napapabilang at nasusuportahan upang marating ang lubos nilang potensyal.

Noong ika-4 ng Disyembre 2023, ipinahayag ng Ministro sa Edukasyon ang isang pagrerepaso ng *School Education Act 1999* (SE Act) upang matukoy ang mga paraan para palakasin ang access at pagkalakip ng mga estudyanteng may kapansanan.

Itong papel na ito ay bahagi ng pagrerepaso. Itong Pampublikong Usapan at Komento ay para sa pagrerepaso at layuning mag-galugad kung aling mga lugar ng SE Act ang nagpapahirap para lubos na maging kalakip ang mga estudyanteng may kapansanan at hinihingi ang iyong mga ideya kung paano ito maipapabago.

# Ano ang pagrerepaso?

Ang pagrerepaso ng batas ay hindi binabago ang batas. Ang pagrerepaso ay isang proseso para mag-galugad ng pananaliksik, mga karanasan at ideya at pagkatapos ay gagawa ng mga suhestiyon para magbago.

Ang pagrerepaso ay magtatapos ng may isang ulat. Para sa pagrerepaso na ito, magbibigay kami ng ulat sa Ministro ng Edukasyon. Magkakaroon ang ulat ng mga rekomendasyon kung paano maaaring baguhin ang SE Act.

Pagkatapos ay bahala na ang Ministro, Gabinete at Parliyamento na magpasya kung babaguhin ang SE Act at kung paano ito babaguhin. Ang pagbabago ng batas ay isang madetalyadong proseso. Kasangkot nito ang maraming hakbang at ang mga pag-aapruba na kalimitang umaabot ng maraming taon. Sa hulihan ng proseso, ang mga patakaran ay kalimitang dapat itama sa panahon upang maging magkahanay sa mga batas.

# Ano ang *School Education Act 1999*?

## Ano ang nasa SE Act

Ang SE Act ay isang nakatatag na mga batas kung paano maa-access ng mga bata at kabataan sa WA ang edukasyon sa panahon ng sapilitang pag-aaral na mga taon.

Itinatakda nito kung paano itatatag ang mga paaralan at kung ano ang mga kailangan para sa pagpapalista at pagpasok. Kabilang dito ang mapagpipilian sa pag-aaral kung sa pamamagitan ng pang-gobyernong paaralan, hindi pang-gobyernong paaralan o sa pamamagitan ng pag-aaral sa tahanan.

Itinatakda rin ng SE Act ang mga mapagpipilian ng mga bata at kabataan na mag-aral ng mga kursong hindi-pampaaralan sa mga huling taon ng sapilitang pag-aaral katulad ng mga kursong VET, mga pagsasanay o mas mataas na edukasyon.

Sumasaklaw din ang SE Act kung paanong karamihan sa mga iba't-ibang mga proseso ng trabaho sa pang-gobyernong paaralan (kabilang ang nasa-kwartong mga pampublikong paaralan) kagaya ng mga pagsususpinde, pagpapalayas, mga mahalagang pagpapasya at pangangasiwa ng mga reklamo.

Para sa mga hindi pang-gobyernong paaralan na kung minsan ang tawag ay mga pribadong paaralan, itinatakda ng SE Act kung paano ang pagkarehistro sa mga ganitong paaralan at ang isang proseso ng pagsasagawa ng mga pamantayan na dapat nilang sundin.

### Ano ang wala sa SE Act

May maraming mga bagay tungkol sa mga paaralan na hindi bahagi ng SE Act. Ang mga bagay na ito ay walang kaugnayan sa pagrerepaso na ito. Kabilang sa mga bagay na wala sa SE Act at walang kaugnayan sa pagrepasong ito ay:

- pagpopondo para sa mga paaralan o mga indibidwal na estudyante
- pagsasanay ng guro
- curriculum / kung ano ang itinuturo sa mga paaralan
- pang-iintimida (bullying)
- mga kalakihan ng klase

Kahit na ang ilan sa mga bagay na ito ay mahalaga para sa iyo, ang mga ito ay hindi bahagi ng nasasaklaw para sa pagrepaso na ito, kaya hindi kami makakakilos sa anumang balikpuna na ibibigay niyo tungkol dito.

## Bakit ginagawa ang pagrerepaso na ito?

Ang SE Act ay isinulat na mahigit 25 taon na ang nakaraan at ngayon ay wala na ito sa panahon. Hindi na ito nagsasaalang-alang sa kasalukuyang mga pagkaunawa at inaasahan ng komunidad para sa mga estudyanteng may kapansanan.

Pakay na matuklasan ng pagrepasong ito kung paano natin mababago ang SE Act upang mas mahusay na maisali ang mga bata at kabataan na may kapansanan para maka-access sila ng isang de-kalidad na edukasyon, na sila ay makakadama ng pagpapahalaga, napapabilang at nasusuportahan na marating ang kanilang buong potensyal.

## Paano ginagawa ang pagrerepaso na ito?

Nagsimula ang pagrerepaso noong Enero 2024 at ito ay pinapalakad ng Kagawaran ng Edukasyon (Department of Education) at pinangungunahan ng 2 mahahalagang mga grupo: isang ekspertong lupon at isang konseho ng tagapagpayo.

Ang lupon ng eksperto ay may 7 mga miyembro na napili batay sa kanilang mga kasanayan, kaalaman at mga personal na karanasan. Nauunawaan nila ang mga batas para sa naa-access at mapangkupkop na edukasyon, mga karapatang pantao, at pinakamahusay na pagpapalakad upang gawing naa-access at mapangkupkop ang edukasyon.

Ang konseho ng mga tagapagpayo ay may 8 na mga miyembro na may mga personal na karanasan sa may kapansanan sa kaisipan at mga eksperto sa pagtatanggol.

Ang ekspertong lupon at konseho ng tagapayo ay nangunguna sa pagrerepaso ng buong 3 mahahalagang yugto:

1. **Pananaliksik** – ang yugtong pananaliksik ay kumpleto na. Kasangkot dito ang paggagalugad sa:
   - mga bagay na ibinahagi na ng mga bata, pamilya, at mga tagaturo sa iba't-ibang mga ulat at pag-aaral sa buong Australya
   - kung ano ang matututunan mula sa ibang mga rehiyon ng Australya at ibayong-dagat
2. **Konsultasyon** – ginagawa na ngayon ang yugto ng konsultasyon. Sangkot dito ay:
   - ang paglalagay ng mga punong ideya mula sa pananaliksik dito sa Pampublikong Usapan at Komento (Discussion Paper)
   - ang pagkuha ng balikpuna sa komunidad tungo sa Pampublikong Usapan at Komento (Discussion Paper)
3. **Mga napag-alaman at rekomendasyon** – sangkot sa yugtong ito ay:
   - pag-aanalisa tungkol sa lahat ng nalaman namin sa panahon ng konsultasyon
   - pagbubuod sa mga napag-alaman tungo sa pinal na ulat para sa Ministro

Magrerekomenda itong pinal na ulat sa Ministro ng mga paraan na magpapahusay sa SE Act. Ang ulat ay magiging handa sa pagsapit ng 2024 at magiging para sa Ministro lamang at hindi ibabahagi sa publiko.

**Mga miyembro ng eksperto ay:**

Professor Andrew Whitehouse (Puno)

Dr Sarah Bernard

Kane Blackman

Charmaine Ford

Cátia Malaquias

Maria Mansour

Anna Steele

**Mga miyembro ng konseho ay:**

Michelle Silver (Puno)

Peter Bluett

Kyal Fairbairn

Liam Flynn

Kristy Marsiglia

James McNulty

Shariq Sharma

Justin Storen

# Paano ka maaaring kasangkot

## Ano ang gusto naming marinig sa iyo

Gusto naming marinig ang lahat na may gustong sabihin. Gusto naming malaman:

- ang iyong mga ideya kung paano pahuhusayin ang SE Act
- kung ano sa mga ideya mo ang makakatulong na maisali ang mga estudyanteng may kapansanan

Nais naming makuha ang iyong balikpuna sa 13 na mga katanungan. Makikita mo ito sa Bahagi 2 sa pahina 12. Maaari mong sagutin ang marami o kaunti sa mga tanong kung gusto mo. Maaaring may gusto kang iparating na isyu sa SE Act na hindi saklaw ng Pampublikong Usapan at Komento - okay lang din iyan.

Kung komportable para sa iyo, mangyaring sabihin sa amin ang ilang impormasyon tungkol sa iyong sarili. Makakatulong ito sa amin na maunawaan ang karaniwang mga pangamba at malaman kung nakarinig ba kami sa magkaiba-ibang hanay ng mga tao o kaya may nalampasang mahalagang boses na nasa komunidad.

Halimbawa, baka gusto mong sabihin sa amin kung ikaw ay:

- isang taong may kapansanan
- isang bata, magulang o kapatid ng isang taong may kapansanan
- isang katulong sa pagtuturo, guro o prinsipal
- kung ang iyong balikpuna ay kaugnay sa isang pang-gobyernong paaralan (kalimitang tawag ay ‘pampublikong paaralan’), isang hindi pang-gobyernong paaralan (kalimitang tawag ay ‘pribadong paaralan’) o pag-aaral sa tahanan.

## Mga mapagpipilian sa pagbibigay ng balikpuna

May mga ilang mapagpipilian kung paano mo ibibigay ang iyong balikpuna. Maaari kang:

- sumagot sa ilan o ang lahat ng mga tanong sa pamamagitan ng porma sa online na matatagpuan dito sa https://www.education.wa.edu.au/web/education-act-sector-review
- mag-email ng isang pagsusumite (submission) sa SEA.Review.Secretariat@education.wa.edu.au
- magpadala sa koreo ng isinulat na pagsusumite sa Department of Education
  School Education Act Review
  Strategy and Policy
  151 Royal Street
  East Perth WA 6004

Nais naming makarinig sa iyo, kaya kung mayroon kang anumang mga tanong o gustong gumawa ng isang pagsusumite sa ibang paraan, magpadala ng email sa SEA.Review.Secretariat@education.wa.edu.au

### Takdang-oras sa pagbibigay ng balikpuna

Maibibigay mo sa amin ang iyong pagsusumite mula ika-16 Agosto 2024 hanggang ika-4 ng Oktubre 2024. Magpadala ng email sa SEA.Review.Secretariat@education.wa.edu.au kung kailangan mo ng dagdag na panahon.

### Paano gagamitin ang iyong balikpuna

Ang yugto ng konsultasyon ay tungkol sa pangangalap ng balikpuna.

Ang Kagawaran ng Edukasyon (Department of Education) ay magrerepaso ng lahat na balikpuna at ibabahagi ang mga napag-alaman sa lupon ng eksperto at konseho ng tagapayo. Gagamitin ng lupon ng eksperto at konseho ng tagapayo itong mga napag-alaman upang magpasya sa pinal na mga rekomendasyon para sa pagpapabago sa SE Act.

Mahalaga para sa iyo na malaman na:

- hindi kami makakasagot sa iyong pagsusumite
- anumang impormasyon na iyong ibinigay ay mapapasailalim sa kalayaang humingi ng impormasyon (freedom of information requests), na dapat kaming sumunod sa batas
- ang iyong balikpuna ay magbibigay ng impormasyon sa isang pinal na ulat sa Ministro ng Edukasyon. Itong ulat ay para sa Ministro lamang, kaya hindi ipapahayag sa publiko.

## Paano babasahin ang Pampublikong Usapan at Komento (Discussion Paper)

### Ang mga mapagpipilian

Mayroong ilang kaunting magkakaiba't-ibang mga mapagpipilian para sa pagbasa nitong Pampublikong Usapan at Komento (Discussion Paper).

May 3 mga bahagi itong Pampublikong Usapan at Komento:

- Bahagi 1: ito ay makakatulong sa pagbibigay ng ilang kasaysayan sa pagrerepaso ng SE Act at itong Pampublikong Usapan at Komento
- Bahagi 2: ito ay naglilista ng 13 mga tanong namin sa iyo
- Bahagi 3: ito ay magbibigay ng higit pang mga detalye sa bawa't paksa na kaugnay ng 13 mga tanong.

Nirerekomenda namin sa lahat na basahin ang Bahagi 1.

Kung gusto mo lang makita ang mga tanong namin sa iyo, basahin ang Bahagi 2. Kung gusto mo ng higit na detalye sa alin mang mga paksa na kaugnay ng mga tanong, basahin ang Bahagi 3. Maaari mong tingnan ang mga pamagat sa Bahagi 3 para malaman ang mga lugar na gusto mong magkaroon ng higit na impormasyon.

Kung gugustuhin mo naman na huwag nang basahin itong buong papel, baka gusto mong makita na lang ang bersyon na Madaling Basahin (Easy Read version) o manood ng ilang mga video tungkol sa pagrerepaso, na matatagpuan mo sa website https://www.education.wa.edu.au/web/education-act-sector-review.

### Iba pang mga dokumento na isa-isantabi sa malapit

Ang Dagdag na A (Appendices A) ay naglilista ng mga mahahalagang kataga at acronym na ginamit dito sa papel. Baka gusto mong sumangguni dito habang binabasa ang papel.

Maaaring nais mo ring magkaroon ng nakabukas na kopya ng SE Act kapag binabasa itong papel. Makaka-access ka ng word version o PDF version ng SE Act sa pamamagitan ng pag-klik dito.

### Pagtutukoy

Ang footnotes at EndNote ay hindi maa-access ng maraming tao, kaya ang Pampublikong Usapan at Komento (Discussion Paper) ay naglista ng mga pagtutukoy (reference) sa "Mga bagay na pag-iisipan" na mga kahon.

## Dapat suriing impormasyon na makakatulong bago magbigay ng pagsusumite (submission)

### Mga karapatang pantao

Ang Australya ay nagkumpirma ng 2 mahahalagang mga legal na nagbibigkis na kasunduan sa karapatang pantao na may kaugnayan sa edukasyon ng mga estudyanteng may kapansanan. Ito ang mga United Nations Convention on the Rights of the Child (CRC) at ang United Nations Convention on the Rights of People with Disability (CRPD).

Ang kamakailang Royal Commission sa Karahasan, Pang-aabuso, Kapabayaan at Pagsasamantala ng Mga Taong May kapansanan (mula ngayon ay tinutukoy bilang Disability Royal Commission) ay nagbanggit na ang Western Australia ay dapat magrepaso ng kanyang mga batas sa edukasyon at mga patakaran upang makita kung gaano sila kagaling sa pagsasaalang-alang at magpasunod ng mga batas sa karapatang pantao.

## Pambansang pagbabatas

Ang SE Act ay hindi lang isang pulutong (set) na mga batas na nakakaapekto kung paano gumagana sa WA.

Ang lahat ng mga paaralan sa Australya ay dapat sumunod sa mga pambansang batas na ginawa ng Pamahalaang Australya. Ang isang mahalagang batas ay ang *Disability Discrimination Act 1992* (Cth) (DDA). Itong batas na ito ay nagbibigay utos sa Attorney General ng Australya na lumikha ng mga kautusan, ang tawag ay Ang Mga Pamantayan ng May Kapansanan para sa Edukasyon 2005 (Disability Standards for Education 2005 (DSE)), na nagtatag ng pamantayan na dapat masunod ng bawa't paaralan sa Australya.

Ang bawa't estado at teritoryo ay makapagpapasya kung paano tutugunan itong mga pamantayan sa kanilang sariling mga batas. May 3 mga mapagpipilian:

1. Maaari nilang alisin ang mga bahagi na nasaklaw na ng DSE
2. Maaari nilang kopyahin ng eksakto kung ano ang nasa DSE o isangguni sa DSE/DDA
3. Maaari silang gumawa ng sarili nilang batas na lalagpas pa sa kung ano ang nasa DSE – ibig sabihin nito ay nagtatatag ng mas mataas na pamantayan

Ito ay mahalagang malaman kapag iniisip ang tungkol sa mga pagbabago sa SE Act. Ang SE Act ay hindi maaaring magtatag ng mababang pamantayan kaysa sa DSE, ngunit pwede nitong isali ang mga pamantayan ng DSE o magtatag ng mas mataas pang pamantayan (halimbawa, itatag ng mas mataas pa sa mga pamantayan ng DSE) para sa mga paaralan ng Western Australia.

# Bahagi 2 – Listahan ng lahat na mga tanong

Mayroon kaming 13 na mga tanong na gusto naming marinig ang iyong mga nasa isip at ideya. Maaari mong piliing walang sasagutin, sagutin ang ilan o ang lahat ng mga tanong na ito.

Inilista namin sa ibaba ang mga tanong.

Ang bahagi 3 ng Pampublikong Usapan at Komento (Discussion Paper) ay magbibigay sa iyo ng dagdag na impormasyon tungkol sa kung bakit kami nagtatanong ng bawa't katanungan. Binabalangkas din nito ang ang aming napag-alaman mula sa aming pananaliksik sa bawa't tanong.

**Mga tanong**

1. Dapat bang palitan ang mga pakay ng SE Act upang pahusayin ang access at pagkasali ng mga estudyanteng may kapansanan? Kung gayun, ano ang dapat?
2. Dapat bang idagdag ang mga regulasyon (principle) sa SE Act upang pahusayin ang access at pagkasali? Kung gayun, anong mga regulasyon (principle) ang gusto mong mapadagdag?
3. Dapat bang palitan ang depinisyon ng may kapansanan sa SE Act upang pahusayin ang access at pagkasali? Kung gayun, paano?
4. Dapat bang baguhin ang SE Act para may malinaw na karapatan ang mga estudyanteng may mga kapansanan na magpatala sa kanilang lokal na pang-gobyernong paaralan?
5. Dapat bang magbigay ang SE Act ng mas malawak na kaluwagan sa kung paano makikisali sa edukasyon ang mga estudyante? Kung gayun, ano dapat?
6. Dapat bang magkaroon ng mga pagbabago sa SE Act tungkol sa mga ginagampanan at katungkulan? Kung gayun, ano dapat?
7. Dapat bang magkaroon ng mga pagbabago sa SE Act tungkol sa mga adjustment para sa mga estudyanteng may kapansanan at/o pandaigdig na kriterya (universal measure)? Kung gayun, ano dapat?
8. Dapat bang magkaroon ng mga pagbabago sa SE Act tungkol sa mga tungkulin para makipag-ugnay, magkonsulta at /o makipagtulungan sa mga estudyanteng may kapansanan at kanilang mga magulang. Kung gayun, ano dapat?
9. Dapat bang magkaroon ng mga pagbabago sa SE Act tungkol sa disiplina, mga pagsususpinde o pagpapalayas? Kung gayun, ano dapat?

10. Dapat bang magkaroon ng mga pagbabago sa SE Act (o regulasyon) tungkol sa mga pinaghihigpitang mga palakad (restrictive practices)? Kung gayun, ano dapat?
11. Dapat bang magkaroon ng mga pagbabago sa Disability Advisory Panel at/o Discipline Advisory Panel section ng SE Act? Kung gayun, ano dapat?
12. Dapat bang baguhin ang SE Act para ang mga reklamo ay pangangasiwaan sa kakaibang paraan? Kung gayun, ano dapat?
13. Sa lahat ng mga pagbabago na iminungkahi mo sa kaisipan, paano imo-monitor ng pamahalaan kung ano ang nangyayari at maipakita na humuhusay ang mga bagay-bagay?

# Bahagi 3 - Detalye ng mga mahalagang isyu at tanong

Ang SE Act ay may mga probisyon na nag-iimpluwensya sa buong lakbayin ng isang bata sa sistema ng edukasyon. Hinahati ito ng Pampublikong Usapan at Komento sa ilalim ng 4 na mga pamagat:

1. **Pagtatakda ng tono:** mga bagay na nakakaapekto sa buong SE Act at pagtutulungan na maihugis kung paano ang batas nauunawaan at nailalapat, gaya ng mga pakay, principle, at depinisyon
2. **Pagsisimula:** paano nagpapatala (enrol) ang mga bata at kabataan sa paaralan at ang mga pagpipilian sa pagpasok ng paaralan o iba pang mga kalagayan sa edukasyon
3. **Buhay paaralan:** ang mga kapangyarihan at tungkulin ng mga guro at principal; kailan at kung paano magkomunikasyon ang paaralan sa mga estudyante at kanilang mga pamilya; at kung paano ang paaralan sumusuporta sa mga estudyanteng nangangailangan ng mga adjustment o mga suporta upang makamit ang pinakamahusay mula sa paaralan
4. **Kapag hindi maayos ang takbo ng paaralan:** kung paano pinamamahalaan ng paaralan ang disiplina, mga reklamo at pagtatalo (dispute), at ang ginagampanan ng Disability Advisory Panels.

## 1. Pagtatakda ng tono

### Mga pakay

Ang mga pakay ay nagbibigay ng malawak na pananaw sa pakay ng Act at kung ano ang inaasahan nitong makamtan. Nakakatulong ito sa paggabay at kung paano iinterprete at ilalapat ang Act.

#### Ano ang nasa SE Act

Ang seksyon 3 ng SE Act ay nagbabalangkas ng mga pakay (objects). Ang higit sa lahat ay tungkol sa pagdudulot ng edukasyon sa mga bata sa panahon ng mga sapilitang pagpasok sa paaralan. Tinatanggap (acknowledge) din nila ang kahalagahan ng pagpapasangkot sa mga magulang ng bata.

#### Ano ang sinasabi ng ibang mga pinagkukunan

Ang ibang mga Estado at Teritoryo at ibang bansa ay may mga objects sa kanilang kasingtulad na mga batas ng edukasyon na nagsasangguni sa:

- pagiging kasali (inclusion)
- pagtugon sa mga kinakailangan ng indibidwal na mga bata at kabataan (young people)

- kakayahang umangkop (flexibility)
- sinusuportahan ang lahat ng mga bata at kabataan na marating ang o maisagad (maximise) ang kanilang potensyal
- pagdudulot sa mga estudyante ng mga kasanayan at mga kakayahan para lubos na makisali sa lipunan at kanilang mga komunidad.

**Tanong**

1. Dapat bang palitan ang mga pakay (objects) ng SE Act upang pahusayin ang access at pagkasali ng mga estudyanteng may kapansanan? Kung gayun, paano?

**Mga bagay na dapat pag-isipan**

- Tingnan ang section 3 ng SE Act
- Ang mga objects ba ay sumusuporta sa mga estudyanteng may kapansanan na maging kasali at makamit ang pinakadapat sa kanilang edukasyon?
- Maaari mo ring tingnan ang mga objects na nasa mga batas ng edukasyon ng ibang mga lugar (nakalista sa ibaba) at tingnan kung sa palagay mo ba ay dapat may bagay na kapareho sa SE Act.

**Mga Key references:**

- *Education Act 2015* (Northern Territory) – tingnan section 3
- *Education and Training Act 2020* (New Zealand) – tingnan sections 4 at 32
- *Education (General Provisions) Act 2006* (Queensland) – tingnan section 5
- *Education Act 2016* (Tasmania) – tingnan section 3
- Portugal's Decree-Law No 54/2018

## Mga Principles

Kalimitan sa mga Act ay kabilang ang mga principle (rule, regulation). Sila ang mga mahahalagang pusod (core values) na ipinaalam ang pakay at intensyon ng Act. Ginagamit sila para maggabay sa kung paano ang pag-iinterprete sa Act. Ang Act na may mga principles ay karaniwang sasabihin na ang sinuman na gumagawa ng gawain (function) sa ilalim ng Act ay dapat sumunod sa mga principles.

### Ano ang nasa SE Act

Ang SE Act ay walang anumang mga principles.

### Ano ang sabi ng ibang mga pinagkukunan

Ang Article 24 (at General Comment 4) ng CRPD ay nagbanggit ng tungkol sa karapatang pantao sa edukasyon na nagsasabi :

- ang lahat ng mga estudyante, kabilang ang may kapansanan ay may karapatan para sa mapangkupkop (inclusive) na edukasyon
- ang mapangkupkop (inclusive) na edukasyon ay nakakatulong sa lahat ng mga estudyante na matuto ng mahalagang mga kasanayan sa buhay at pangsosyal upang marating ang kanilang potensyal at lubos na pagsali sa buhay sa komunidad

- ang karapatan para sa isang edukasyon ay isang karapatang pantao ng isang bata, at ang mga katungkulan at mapagpipilian ng mga magulang tungkol sa edukasyon ng isang bata ay pumapangalawa lang sa karapatang pantao para sa edukasyon ng isang bata.

Sa karamihang mga estado at teritoryo ng Australya, at sa iba pang mga bansa, ang mga batas sa edukasyon ay may kabilang na mga principle. Kasama sa mga principle na ito ang pagsasangguni sa:

- unibersal na pag-access sa edukasyon
- kinikilala ang indibidwal na mga pangangailangan ng mga bata at kabataan
- isinasangkot ang mga bata at kabataan sa mga desisyon na makakaapekto sa kanila
- pakikipagtulungan sa mga magulang at mga komunidad ng paaralan
- paniniwala na ang lahat ng bata at kabataan ay marapat sa edukasyon at maaaring matuto
- pagbibigay ng edukasyon na nakabatay sa mga positibong karanasan sa pag-aaral
- pagsusuporta at pagtataguyod ng mga principle ng demokrasya ng Australya pati na ang pangako sa mga minamahalaga (valued), na pagiging-bukas (openness) at pagpaparaya
- pagsasali ng mga estudyanteng may kapansanan at ng kanilang pagkamarapat sa mga adjustment.

Ang section 6 ng WA *Teacher Registration Act 2012* ay nagtatakda ng principle para sa Act. Ang section 6 ay nagsasaad na ang taong may mga gawain (function) sa ilalim ng Act ay dapat magkunsidera sa pinakamagaling na interes ng mga bata bilang siyang pinakamahalagang bagay sa pagganap ng kanilang gawain sa ilalim ng Act.

Ang isa pang nakabatay sa principle na posisyon sa WA ay ang action 1.4 sa ilalim ng Western Australia for Everyone: State Disability Strategy 2020-2030, Second Action Plan. Action *1.4 Principles of inclusive education* ay tungkol sa pagpapalakas ng pagkasali sa mga pampublikong paaralan at inilalarawan ang principle ng mapangkupkop na edukasyon sa mga serbisyo ng edukasyon, programa at pasilidad.

**Tanong**

2. Dapat bang idagdag ang mga regulasyon (principle) SE Act upang pahusayin ang access at pagkasali? Kung gayun, anong mga regulasyon (principle) ang gusto mong mapadagdag?

**Mga bagay na dapat pag-isipan**

- Maaari mo tingnan ang mga principles na nasa ibang education laws (nakalista sa ibaba) at tingnan kung sa palagay mo na dapat may bagay na kapareho sa SE Act.

**Mahalagang mga pagtutukoy**

- *Education Act 2015* (Northern Territory) – tingnan seksyo 4
- *Education (General Provisions) Act 2006* (Queensland) – tingnan seksyon 7
- *Education Act 2016* (Tasmania) – tingnan seksyon 4
- *Education Act 1990* (New South Wales) – tingnan seksyon 4
- *Education and Training Reform Act 2006* (Victoria) - tingnan seksyon 1.2.1
- Portugal's Decree-Law No 54/2018

## Mga Paliwanag

Sa mga paliwanag ay matutukoy ang saklaw ng mga mahalagang kataga sa Act.

### Ano ang nasa SE Act

Nakabalangkas ang mga mahahalagang kataga at paliwanag sa seksyon 4 ng SE Act.

Ipinaliwanag sa kasalukuyan ng SE Act ang katagang '*disability'*. Itong kataga ay ginagamit sa iba't-ibang mga probisyon sa ilalim ng SE Act na nangangahulugang ilalapat sa mga estudyanteng may kapansanan – tulad ng sa section 73, 84, 86 at 92.

Sa ilalim ng SE Act, ang may kapansanan ay tinukoy na gumagamit ng modelong medikal at naglimita sa mga kondisyon na permanente.

Ang modelong medikal ay tumatanaw sa may kapansanan bilang isang problema ng isang tao. Iniisip nito ang pisikal, mental, o mga diprensya sa pandama bilang isang kakulangan o mga bagay na kailangang ayusin o pangasiwaan ng may medikal na pangangalaga o pangangalagang kalusugan.

Hinamon na ng mga taong may kapansanan itong medikal na modelong ideya ng maraming taon na. Sa halip na medikal na modelo, maraming mga taong may kapansanan ay mas gustong gamitin ang social na modelo, para mas mabuting maipaliwanag ang kanilang mga karanasan sa kapansanan. Ang social na modelo ay tumitingin sa mga hadlang na kinakaharap ng mga taong may kapansanan dahil hindi tumatalima (conform) ang lipunan sa kanilang pisikal, mental at pangdamang katangian (characteristic). Na pagkatapos ay nagpokus sa kung ano ang kayang gawin natin para baguhin ang mga saloobin at kapaligiran, upang mapaunlakan ang magkakaiba't-ibang katangian ng tao (human), upang ang mga tao (people) na may kapansanan ay maharap sa mas kaunting mga hadlang at makakasali sa lipunan ng katulad ng iba.

Ang mga modelong ginagamit natin upang ipaliwanag ang kapansanan (disability) ay ang makakagawa ng malaking kaibahan kung paano natin nauunawaan ang mga

taong may kapansanan, kung ano ang kanilang kailangan at ano ang ating papel para matulungan silang makisalamuha.

Ang depinisyon sa SE Act ng kapansanan ay kakaiba sa ginagamit ng DDA (at ng DSE). Ang depinisyon ng DDA ay mas malawak, kabilang ang pansamantalang kapansanan, at mayroong ilang mga bahagi na mas nakapokus sa social na modelo, ngunit patuloy pa rin na ang pagtanaw sa kapansanan (disability) ay sa pamamagitan ng isang medikal na modelo. Itong mga pagkaiba't-iba ay nakakalito para sa mga paaralan ng WA, ang paaralan ay dapat may kamalayan sa kung kailan gagamitin ang depinisyon ng DDA/DSE at kung kailan gagamitin ang depinisyon ng SE Act.

**Ano ang sabi sa ibang mga mapagkukunan**
Nang dahil ang sa pagkaunawa ng mga tao ng 'disability' ay sa iba't-ibang mga paraan, maraming mga iba-ibang depinisyon nito sa paligid ng Australya at sa buong daigdig. Ang ilang mga lugar sa buong daigdig ay wala man lang depinisyon ng katagang 'disability' at sa halip, ang tingin sa 'disability' ay bilang bahagi ng isang pagkakaiba't-iba ng tao (human diversity), na ang lahat ay may iba-ibang katangian (characteristic) kung kaya, kakaibang mga pangangailangan. Itong ideya ay kinilala (recognise) na ang mga tao na may kapansanan (disability) ay hindi isang solong grupo ng mga tao at nagtataguyod ng mas mapangkupkop ('inclusive') na diskarte (approach) na kinukunsidera din ang iba pang mga aspeto (attributes) na mayroon ang isang tao tulad ng kultura, wika, kasarian, katayuan sa lipunan (socioeconomic status), kinapapalingang sekswal (sexual orientation), na makakaapekto sa mga karanasan at pangangailangan ng isang tao.

Hindi sumasang-ayon ang CRPD sa 'medikal na modelo' na diskarte at nakikita ang pisikal, mental o mga diprensya sa pandama (sensory differences) bilang bahagi ng pagkaiba't-iba ng tao (human diversity). Tinatanaw nito na ang karanasan ng kapansanan ay bagay na nangyayari kapag ang taong mayroong mga kakulangan ('impairment') ay nahaharap sa mga saloobin at kapaligirang nagpapahinto sa kanila para lubos na makisali sa lipunan na katulad ng karamihan. Sa ilalim ng CRPD, ang 'disability' at ang 'impairment' ay hindi magkaparehong bagay.

Noong 2022 ang Law Reform Commission ng WA ay nagrekomenda na ang *Equal Opportunity Act 1984* (WA) ay dapat gamitin ang katagang 'disability' sa halip na 'impairment' at nilagyang depinisyon ito ng kapareho sa DDA depinisyon. Kahit na ang DDA depinisyon ay mas malawak kaysa sa SE Act na depinisyon, silang dalawa (both) ay patuloy pa ring sinusunod ang 'medikal na modelo' na diskarte at ninuman sa kanila ay hindi nakahanay sa CRPD.

**Tanong**

3. Dapat bang palitan ang depinisyon ng may kapansanan sa SE Act upang pahusayin ang access at pagkasali? Kung gayun, paano?

**Mga bagay na dapat pag-isipan**

- Tingnan ang depinisyon ng kapansanan sa seksyon 4 ng SE Act.
- Sa palagay mo ba ay dapat palitan ang depinisyon ng kapansanan sa SE Act para mas mabuting kapareho ng CRPD? O ng DDA?
- Sa palagay mo ba ay kailangan pa ng SE Act ang depinisyon ng kapansanan? Pupwede bang ipokus na lang sa diversitdad at magresponde sa mga diperensya at pangangailangan ng estudyante na hindi kakailanganin ang pagtutukoy sa kapansanan?

**Mga mahalagang pagtutukoy:**

- CRPD – tingnan Article 1
- Portugal's Decree-Law No 54/2018
- *Education Act 1997* (New Brunswick, Canada)
- Law Reform Commission of WA Project 111 Final Report – tingnan rekomendasyon 2

# 2. Pagsisimula

## Pagpapatala (Enrolment)

**Ano ang nasa SE Act**

Sa ilalim ng seksyon 78 ng SE Act, ang karapatan ng isang bata para magpatala sa kanilang lokal na pang-gobyernong paaralan ay limitado ng 2 mga bagay:

1) ang bata ay dapat nakatira sa loob ng lokal (intake) na lugar; at
2) ang paaralan ay may naaangkop na programa sa edukasyon.

Ang naaangkop na programa sa edukasyon ('appropriate educational programme') ay kung minsan ginagamit upang magpasya kung ang bata na may kapansanan ay makapag-e-enrol sa kanilang lokal na pang-gobyernong paaralan. Ibig sabihin nito na ang pagpapatala ay maaaring limitado batay sa kapansanan ng bata.

Ang WA ay siya lang na estado/teritoryo sa Australya na ang batas ay naghihigpit sa pagpapatala sa lokal na pang-gobyernong paaralan na ibinatay kung kahiman may 'naaangkop na programa sa edukasyon ('appropriate educational programme') na makukuha (available) doon.

**Ano ang sabi ng ibang mga pinagkukunan**

Malinaw na sinasabi ng CRPD na ang mga bata na may kapansanan ay hindi dapat ipabukod (excluded) sa sistema ng pangkaraniwang edukasyon batay sa kapansanan. Dapat silang maka-access sa mga paaralan, sa mga komunidad na kanilang tinitirhan, at itong mga paaralan ay dapat na mapangkupkop.

May 4 pang mga dokumento ng karapatang pantao na may kaugnayan sa pagpapatala (enrolment) na gaya ng sinasabi nilang ang lahat ng mga tao ay may karapatang protektahan at ituloy (practise) ang kanilang kultura, relihiyon at wika. Ito

ay nangangahulugan ding ang mga bata ay dapat na makapagpatala sa mga paaralan na magbibigay ng edukasyon sa kanilang wika, mga paniniwala at kultura.

Ang DDA at WA's *Equal Opportunity Act 1984* (WA) ay nagsabi na labag sa batas para sa mga paaralan ang hindi pagtanggap sa pagpasok o limitahan ang benepisyo sa mga estudyante dahil sa kanilang kapansanan. Noong 2022, ang Law Reform Commission ng WA ay nagmungkahi na palitan ang *Equal Opportunity Act 1984* (WA) upang gawing malinaw na labag din sa batas ang magdiskrimina kapag tinatasa at pinipili ang mga aplikasyon ng estudyante.

Nagrekomenda ang Disability Royal Commission na ang lahat ng mga estado at teritoryo na dapat baguhin ang kanilang mga batas upang matiyak na ang mga estudyanteng may kapansanan ay may karapatan na magpatala sa kanilang lugar ng karaniwang kinalalagyan ng paaralan. Ang isang dahilan lang na maaaring tanggihan ng paaralan ang pagpapatala ay kung ito ay magiging mga sanhi ng hindi makatarungang paghihirap ("unjustifiable hardship") na siyang paliwanag sa DDA.

**Tanong**

4. Dapat bang baguhin ang SE Act para mayroong malinaw na karapatan ang mga estudyanteng may kapansanan na magpatala sa kanilang lokal na pang-gobyernong paaralan?

**Mga bagay na dapat pag-isipan**

- Tingnan ng section 78 ng SE Act.
- Palagay mo ba na ang mga limitasyon sa pagpapa-enrol ay mga hadlang sa pag-access at inclusion?
- Palagay mo ba na ang mga batang may-kapansanan ay dapat ding may karapatan na makapag-enrol sa hindi pang-gobyernong paaralan na naglalarawan ng kanilang mga paniniwala, relihiyon o wika?

**Mahalagang mga pagtutukoy:**

- CRPD – tingnan Article 24 at General Comment 4
- LRCWA Project 111 Final Report – tingnan ang rekomendasyon 58
- Final Report of the Royal Commission into Violence, Abuse, Neglect and Exploitation of People with Disability – tingnan ang Rekomendasyon 7.1
- Declaration on the Rights of Persons Belonging to National or Ethnic, Religious and Linguistic Minorities – tingnan mga Articles 2 at 4
- International Covenant on Economic, Social and Cultural Rights – tingnan Article 13
- International Covenant on Civil and Political Rights – tingnan Article 18
- United Nations Declaration on the Rights of Indigenous Peoples – tingnan Article 14

## Mga mapagpipilian para sa pakikipag-ugnayan

**Ano ang nasa SE Act**

Sinasabi sa SE Act na ang bawa't bata ay dapat na naka-enrol sa ilang uri ng programang pang-edukasyon (educational programme) sa bawa't taon ng sapilitang panahon ng pag-aaral. Matutupad ito sa pamamagitan ng pag-eenrol sa isang paaralan, edukasyon sa tahanan, o sa panghuling mga taon ng sapilitang edukasyon, papasok sa isang pag-apprentice, mas mataas na edukasyon, isang VET na kurso, o aprubadong pagtatrabaho. Subali't, ang SE Act ay hindi pumapayag na naka-enrol ang isang bata sa edukasyon sa tahanan at sa isang paaralan sa magkasabay na panahon o naka-enrol ng part-time.

Sinasabi sa section 23 ng SE Act na ang pagpasok sa paaralan ay dapat na buong-oras maliban kung ang principal at ang magulang ay gumawa ng isang ispesyal na kaayusan sa ilalim ng section 24. Itong full-time na kinakailangan ay inilalapat din sa mga estudyante na piniling mag-apprentice o mas mataas na edukasyon sa kanilang panghuling mga taon ng pag-aaral.

**Ano ang sinasabi ng mga ibang mapagkukunan**

Ang ideya ng nai-aakma (flexible) na mga mapagpipilian sa pag-aaral para sa mga estudyanteng may kapansanan ay kumplikado. Maraming mga ulat at mga pagsisiyasat ang nagtutukoy ng pangangailangan para sa nai-aakmang mga kaayusan sa pag-aaral.

Noong Marso 2024, ang Education and Health Standing Committee ng WA Parliament ray nagpalabas ng ulat na ang tawag ay *A Different Kind of Brilliance: Report of the Inquiry into Support for Autistic Children and Young People in Schools*. Napag-alaman ng pagsisiyasat na ang para sa mga estudyanteng autistic ay makakatulong sa kanilang mamalaging nakaugnay sa edukasyon. Subali't, maraming mga paaralan ay hindi sang-ayon na kunsiderahin ang ganitong mga kaayusan o hindi sigurado sa kanilang awtoridad na aprubahan ang mga ito. Nirekomenda ng ulat na magbibigay sa mga paaralan ng malinaw ng mga gabay sa pag-aapruba ng nai-aakmang pagpasok sa paaralan at mga aaraling asignatura (subject loads) para sa mga estudyanteng 'autistic' na nangangailangan ng mga ito.

Noong Agosto 2023, ang Education and Employment References Committee ng Australian Parliament ay naglabas ng ulat na ang tawag ay T*he National Trend of School Refusal and Related Issues.* Napag-alaman sa ulat na ang di-pagpayag ng paaralan, ang tawag din ay "school can't" ay pangkaraniwan sa mga estudyanteng may kapansanan. Nirekomenda ng komite na ang mga awtoridad sa edukasyon ng Estado at Teritoryo at hindi pang-gobyernong mga paaralan ay humanap ng mga paraan para gawing mas nai-aakma ang edukasyon. Kasama sa rekomendasyon na gawing mas madaling ibagay ('adaptable') ang mga establisadong paaralan para mas madali sa mga estudyanteng nahaharap sa pagtanggi ng paaralan na maka-access ng pag-aaral na di-papasok-sa-gusali ng paaralan (distance education) at pag-aaral sa tahanan (home schooling).

Parehong ang Portugal at Italy ay may mga batas na pinahihintulutan ang pagtatakda ng petsa (timetabling) bilang adjustment na bahagi ng indibidwal na mga plano sa edukasyon para sa mga estudyanteng may kapansanan. Itong mga adjustment ay para sa mga nakatakda ng mga panahon (periods) lang at may sapilitang (mandatory) pagrerepaso (review) at pagsusuperbisyon.

Mahalagang tandaan na habang ang malawak na kaluwagan (flexibility) ay nakakatulong, may peligro din ito. Ang mga magulang ng mga kabataan na may mas kumplikadong pangangailangan ay maaaring mahikayat na gawing mas kaunting oras ang pasok ng bata sa paaralan para maging maalwan sa paaralan. Para pahinain ang loob sa ganito, may mga batas ang New Zealand na nagtukoy na ang lahat ng mga estudyante ay may karapatang pumasok sa paaralan sa lahat ng mga oras na nakabukas ito.

**Tanong**

5. Dapat bang magbigay ang SE Act ng mas malawak na kaluwagan (flexibility) sa kung paano mag-uugnay sa edukasyon ang mga estudyante? Kung gayun, ano dapat?

**Mga bagay na dapat pag-isipan**

- Tingnan ang sections 9, 10, 11B, 23 at 24 ng SE Act – mayrooon ba silang mga balakid sa access at mapangkupkop?
- Papaanong ang mas malawak na kaluwagan ay ay magpapahusay sa access at mapangkupkop para sa mga batang may kapansanan?
- Ano ang mga peligro na kasama sa mas malawak na kaluwagan at paano mapoprotektahan sa mga peligro ang mga estudyante?

**Mahalagang mga pagtutukoy:**

- Ulat mula sa Education and Health Standing Committee of the WA Parliament: *A Different Kind of Brilliance: Report of the Inquiry into Support for Autistic Children and Young People in Schools* – tingnan rekomendasyon 14
- Ulat mula sa Education and Employment References Committee of the Australian Parliament: *The National Trend of School Refusal and Related Issues* – tingnan rekomendayon 5
- Portugal's Decree-Law No 54/2018 – tingnan Articles 18-28
- Italy's Law 104/1992
- *Education and Training Act 2020* (New Zealand) – tingnan section 33

# 6. Buhay paaralan

## Mga pagganap at katungkulan (Roles and responsibilities)

### Ano ang nasa SE Act

Kabilang sa SE Act ay mga sari-saring gawain (function), pagganap (role), at katungkulan (responsibilities) para sa iba't-ibang mga tao at grupo na kasangkot sa edukasyon. Narito ang isang buod:

**Ministro ng Edukasyon**

- ang Ministro ay may maraming katungkulan sa kabuuang Act, na may mahalagang mga kapangyarihan sa seksyon 216 at iba pang mahalagang mga halimbawa sa mga section 11M, 54, 55, 153, 159, 168, 201, 222, 223, at 231 ng SE Act
- kabilang sa mahahalagang pagganap ay ang pagtatatag at pagsasara ng mga paaralan, pagbubuo ng mga pamantayan para sa hindi pang-gobyernong mga paaralan, pagrerepaso ng ilang mga desisyon, at pagbibigay sa mga paaralan ng iksemsyon mula sa mga batas ng Act.

**CEO** (Director General of the Department of Education)

- ang mahalagang mga ginagawa ng CEO ay nakabalangkas sa section 61, kasama ang iba pang mahalagang halimbawa sa mga section 46-53, 83, 84, 85, 94, 158-166, 232 at 233 ng SE Act
- ang mahalagang pagganap ay kinabibilangan ng pagbubuo ng pamantayan ng pangangalaga at edukasyonal na direksyon (educational instruction) sa mga paaralang pang-gobyerno, pagsusuperbisyon ng pag-aaral sa tahanan (home education), pagde-determina at pagkakansela ng mga pagpapatala (enrolments) sa ilang mga sitwasyon, pagde-determina ng mga pagpapalayas, pagsusuperbisyon ng mga pagrerehistro ng hindi pang-gobyernong paaralan.

**Mga principal**

- mga mahahalagang kapangyarihan at katungkulan ng lahat na mga principal ay upang pamahalaan ang proseso ng pag-e-enrol at mga kaayusan sa pagpasok sa paaralan (attendance) (tingnan mga section 19-21, 24, 26, 28 ng SE Act)
- ang mga principal ng mga pang-gobyernong paaralan ay may mga katungkulan na nakabalangkas sa section 63 na kabilang ang pagtatrabaho sa pamumuno (providing leadership), pagtitiyak ng kaligtasan at kapakanan ng mga estudyante, pakikipagtulungan sa konseho ng paaralan at kawani para maglikha ng mga plano sa paaralan (school plans), paghihimok ng makabagong pagtuturo at pagpapasiya sa nilalaman at pagpapatupad ng programa sa edukasyon para sa isang batang may kapansanan.

**Mga guro sa mga paaralang pang-gobyerno**

- ang mga pagganap ng mga guro ay nakabalangkas sa section 64 ng SE Act
- sila ay may pananagutan sa pagtataguyod ng pagkakatuto at pagbibigay ng kautusan ayon sa curriculum, mga pamantayan ng CEO at plano ng paaralan.

**Mga konseho ng paaralan**

- ang mahahalagang pagganap ng konseho ng paaralan ay nasa section 128 ng SE Act (tingnan din ang section 124-140)

- tumutulong sila sa pagpaplano ng mga layunin ng paaralan, mga prayoridad, at pampinansya at tinatasa ang naging nagawa (performance) ng paaralan.

**Mga asosasyon ng magulang at mamamayan**

- ang mahalagang pagganap ng mga asosasyon ng magulang at mamamayan ay nasa section 143 ng SE Act (tingnan din ang section 141-149)
- itinataguyod nila ang pangkabutihan ng paaralan (school interest) sa pagmementena ng kooperasyon sa pagitan ng mga magulang, guro, estudyante at nang komunidad at hinihikayat ang pagka-interesado ng komunidad sa edukasyon.

**Ang kawani ng tagapagturo sa pangkomunidad na kindergarten**

- ang kanilang mga pagganap ay nasa section 205 ng SE Act
- sila ay may pananagutan sa pagtataguyod ng pagkakatuto at pagbibigay ng instruksyon

Pinapayagan din ng SE Act ang pag-awtorisa sa iba (delegate) ang ilang mga tungkulin na nakabalangkas sa mga seksyon 224, 225, at 230.

Wala sa mga gawain (functions) sa SE Act ang itinatanging banggit ng mapangkupkop (inclusion) o madaling ma-access (accessibility). Sa nakalagay na detalye ng SE Act, may ilang responsibilidad sa mga principal na ikunsidera ang mga pangangailangan ng mga estudyanteng may kapansanan (tingnan section 73). Ito ay tinatalakay sa kasunod na lugar ng paksa sa Pampublikong Usapan at Komento (Discussion paper). Walang nakalagay na mga responsibilidad ng alinman sa CEO o sa Ministro na suportahan ang indibidwal na estudyanteng may kapansanan o kaya sa pangkaraniwang usapan ay gawing naa-access at inklusibo ang paaralan.

**Ano ang sabi ng ibang pagkukunan**

Ang ibang mga estado at teritoryo ng Australya ay may mga kaparehong pagganap at hindi rin nakatanging banggit ang mapangkupkop (inclusion) o makaka-access na maging malinaw na responsibilidad ninuman. Subali't, sa karamihan ng ibang estado at teritoryo, ang kanilang mga batas ay kinabibilangan ng mga objects at principles tungkol sa inclusion. Ibig sabihin nito na ang sinumang nagtatrabaho sa ilalim ng mga batas na ito ay dapat sumunod sa mga objects at principles kapag nagsasagawa ng kanilang pagganap ng trabaho sa ilalim nitong mga batas.

**Tanong**

6. Dapat bang magkaroon ng mga pagbabago sa SE Act tungkol sa mga ginagampanan at katungkulan? Kung gayun, ano dapat?

**Mga bagay na dapat pag-isipan**

- Tingnan ang section 61, 63, 64, 128, 143, 205 at 216 ng SE Act – dapat bang ang anumang mga pagganap ay may tungkulin sa access at inclusion?
- Mayroon bang mga pagganap, responsibilidad o functions na nawawala sa SE Act?

**Mahalagang mga pagtutukoy:**

- wala

## Karapatang mag-adjust at matuto sa dating silid-aralan

Ang "resonableng adjustment" o "adjustment" ay nangunguhulugang paggawa ng mga pagbabago para ang mga taong may kakaibang mga pangangailangan, pati na mga taong may kapansanan, ay madaling makakasali katulad ng ibang mga tao. Maaaring magsankot ito ng babaguhin kung paano ginagawa ang mga bagay o kapaligiran upang ang isang taong may kapansanan ay makagamit ng serbisyo katulad ng lahat ng tao.

**Ano ang nasa SE Act**

Ang SE Act ay hindi nagbibigay sa mga estudyanteng may kapansanan ng tahasang karapatan para sa adjustment o mag-aral sa kaparehong silid-aralan kapareho ng kanilang mga kauri (peer).

Subali’t, may isang seksyon (section 73) na nagbabalangkas ng limitadong proseso para sa isang principal na magpasya sa pambihirang mga pangangailangan ng isang batang may kapansanan tungkol sa nilalaman at pagpapatupad ng programa sa edukasyon (educational programme). Inilalapat lang ang section 73 sa mga estudyanteng may kapansanan sa mga pang-gobyernong paaralan at ang sabi ay: ang principal ay kokunsulta sa magulang, mga guro, at ‘kung nararapat’, sa bata. Ang principal ang gagawa ng pinal na desisyon.

**Ano ang sabi ng ibang mga mapagkukunan**

Ang karapatang pantao sa ilalim ng CRC at CRPD (kabilang ang General Comment 4) ay nagsasabi na:

- ang mga bata ay may karapatang humanap, tumanggap at magbigay ng impormasyon sa mga paraang nauunawaan nila
- ang indibidwal na suporta at adjustment ay mga prayoridad na bagay at dapat ay libre sa lahat ng mga sapilitang lebel ng edukasyon
- ang paggamit ng kakulangan ng mga mapagkukunan at o pera para bigyang-katwiran ang kabiguan (failure) upang makagawa ng progreso tungo sa inclusive na edukasyon ay lumalabag sa article 24 ng CRPD
- ikaw ay nagdidiskrimina kung hindi mo gagawin ang mga adjustment para sa isang taong kailangan ito
- ang lahat ng mga adjustment ay dapat kasangkot ang proseso ng pagkokunsultasyon

Sa Australya, ang DDA at DSE ay nagsasabi na ang lahat ng mga paaralan ay dapat gumawa ng ‘mga resonableng adjustment (‘reasonable adjustments’) para sa mga estudyante kung kinakailangan upang matiyak na makakapag-access sa mga serbisyo na ibinibigay ng mga paaralan. Hindi sila nagtatakda ng mga pamantayan para sa disenyong pang-unibersal.

Ang Australian Capital Territory at ang Northern Territory ay parehong may batas sa edukasyon (education legislation) na tahasang nagbibigay ng mga resonableng adjustment.

May ilang mga kamakailan lang na rekomendasyong may kaugnayan sa mga adjustment:

- Ang Australya (sa pamamagitan ng DDA) at WA (sa pamamagitan ng *Equal Opportunity Act 1984*) ay dapat na may nakakatayo-sa-sarili na tungkulin sa paggawa ng mga 'adjustment'. Ang isang pagbubukod (exception) lang sa tungkuling ito ay kung maglilikha ito ng 'unjustifiable hardship'
- Ang mga Estado at Teritoryo ay dapat may mga malinaw na mga tuntunin at hakbang sa pagtutukoy, pagpaplano, pagpapatupad at pagtatasa ng mga adjustment.

Sa Portugal, ang mga paaralan ay dapat magkibagay sa kanilang mga paraan ng pagtuturo para suportahan ang lahat ng mga estudyante. Kabilang dito ang pagbibigay ng mga adjustment para sa mga estudyanteng nangangailangan nito. Ang mga pangkat na maramihang-disiplina (multidisciplinary team), kaalinsabay ang bata at ang kanilang magulang ay magpapasya sa suportang kailangan ng bawa't estudyante para lubusang makapag-partisipar sa paaralan, maging anupaman ang kanilang kapansanan. Dagdag pa sa pagbibigay ng mga adjustment para sa mga estudyanteng nangangailangan nito, ang mga batas ng Portuguese ay rnagsasabi rin na ang mga paaralan ay dapat mayroong pandaigdig na kriterya (universal measure) para sa lahat ng mga estudyante. Ang pandaigdig na kriterya (universal measure) ay tungkol sa pagtitiyak na ang edukasyon ay maa-access ng lahat ng mga estudyante sa pangkalahatan.

Ang CRPD (at General Comment No. 4) ay nagsasabi rin na ang mga paaralan ay dapat na magkaroon ng pandaigdig na kriterya (universal measure). Sa konteksto ng sistema ng edukasyon, ito ay tungkol sa pagtitiyak na ang mga gusali, impormasyon at komunikasyon, mga materyal sa edukasyon, mga paraan sa pagtuturo at pagtatasa ay pandaigdig (universally) na maa-access ng lahat ng mga estudyante, sa pinakasagad na lawak na posibleng magawa, na hindi kailangan ang kanya-kanyang indibidwal na pagkabagay (adaptation) o pagsasa-ayos ('retrofit').

**Tanong**

7. Dapat bang magkaroon ng mga pagbabago sa SE Act tungkol sa mga adjustment para sa mga estudyanteng may kapansanan at/o universal measure? Kung gayun, ano dapat?

**Mga bagay na dapat pag-isipan**

- Tingnan ang section 73 ng SE Act at tingnan ang DSE
- Mayroon bang anuman na pwedeng idagdag upang pahusayin ang access at inclusion?
- Dapat bang ilapat sa lahat ng mga paaralan o sa pang-gobyernong paaralan lang ang tungkol sa adjustment o 'universal measure' na mga batas sa edukasyon ng WA?

**Mahalagang mga pagtutukoy:**

- CRPD – tingnan Article 24 at General Comment 4
- *Education Act 2004* (Australian Capital Territory) – tingnan section 7(3)
- *Education Act 2015* (Northern Territory) – tingnan section 52

- Final Report of the Royal Commission into Violence, Abuse, Neglect and Exploitation of People with Disability – tingnan mga rekomendasyon 4.25, 4.26 at 7.3 Part A
- LRCWA Project 111 Final Report – tingnan mga rekomendasyon 66-68
- Portugal's Decree-Law No 54/2018 (Article 28) at Law 46/86 (Article 18)

## Komunikasyon/konsultasyon

Ang komunikasyon, konsultasyon at pagtutulungan sa trabaho ay nakakatulong sa mga tao na maunawaan ang bawa't isa at kunsiderahin ang pangangailangan at ideya ng bawa't isa. Kung minsan, sinasabi ng malinaw ng batas kung kailan dapat maganap ang konsultasyon. Ito ang laging nagiging kaso kung may hindi pagkabalanse sa kapangyarihan o kung ang mas mabuting kalalabasan ay inaasahan sa pamamagitan ng malinaw na komunikasyon o konsultasyon.

**Ano ang nasa SE Act**

Ang SE Act ay may ilang maliit na mga seksyon tungkol sa konsultasyon at iilan lang ang may pagbanggit tungkol sa mga estudyante. Ang Section 73 ay nagsasabing ang mga principal ay dapat makipag-usap sa mga estudyante 'kung nararapat'. Subali't, hindi nito sinasabi kung paano magpapasya nang kung alin ang nararapat o kung ano ang dapat na kasangkot sa pakikipag-usap sa mga estudyante.

**Ano ang sinasabi ng ibang mga mapagkukunan**

Sa ilalim ng internasyonal na mga obligasyon sa mga karapatang pantao ng Australya, ang parehong CRC at ang CRPD ay nagsasabi na ang mga bata ay may karapatan na magbahagi ng kanilang mga pananaw sa mga bagay na nakakaapekto sa kanila at ang kanilang mga pananaw ay dapat bigyan ng tamang bigat. Ang "Due weight" ay pinagpasiyahan sa pagkunsidera ng kanilang edad at maturidad. Idinagdag pa ng CRPD na ang mga estudyanteng may kapansanan ay dapat kumuha ng naaangkop na tulong upang matupad itong karapatan.

Ang parehong Pamahalaan ng Australya at ang Disability Royal Commission ay nagrekomenda ng mga pagpapahusay sa konsultasyon sa mga paaralan ng Australya. Ang mga rekomendasyon ay para sa mga pagbabago sa DSE, ngunit ang mga ito ay hindi pa inaaksyunan. Kahit na ang mga rekomendasyon ay para sa DSE, ang mga estado at teritoryo ay maaaring piliing ilapat ang mga ito sa kani-kanilang mga batas. Kabilang sa mga rekomendasyon ay:

- magtakda ng mga principle kung paano kokunsulta sa mga estudyante at kanilang mga pamilya
- tiyaking ang mga estudyanteng may kapansanan ay makasali ng lubos hangga't maaari sa mga paggawa ng desisyon tungkol sa kanilang programa sa edukasyon (educational program) at mga adjustment na kailangan nila
- bigyang-karapatan ang mga magulang at tagapag-alaga ng mga estudyanteng may kapansanan na aalalayan ng mga paaralan at principal sa mga desisyon tungkol sa buong paaralan na mga adjustment, sa mga pasilidad at silid-aralan na mga palakad, na makakaapekto sa mga estudyanteng may kapansanan.

Noong 2016, ang Australian Senate Education and Employment References Committee ay nag-ulat sa mga lebel ng pag-access at pagkamit (attainment) para sa mga estudyanteng may kapansanan sa loob ng sistema ng paaralan. Nirekomenda ng komite na ang mga estudyanteng may kapansanan at ang kanilang mga pamilya ay dapat na kasama sa pagbubuo ng edukasyonal na plano (educational plan) para sa kanilang anak, at dapat na may mga mekanismo para mahimok ang makahulugang patuloy na pag-uunayan ng mga magulang.

**Tanong**

8. Dapat bang magkaroon ng mga pagbabago sa SE Act tungkol sa mga tungkulin para makipag-ugnay, komunsulta at /o makipagtulungan sa mga estudyanteng may kapansanan at ang kanilang mga magulang. Kung gayun, ano dapat?

**Mga bagay na dapat pag-isipan**

- Ano ang nakakatulong para maging matagumpay ang komunikasyon at pagtutulungan (collaboration)?
- Dapat bang suportahan ng mga paaralan ang mga estudyanteng may kapansanan na magbahagi ng kanilang mga pananaw? Mayroon ka bang ideya kung paano ito magagawa ng maayos?
- Dapat bang suportahan ng mga paaralan ang mga magulang ng mga estudyanteng may kapansanan na magbahagi ng kanilang mga pananaw? Mayroon ka bang ideya kung paano ito magagawa ng maayos?
- Maaaring pag-isipan mo, kung dapat ba o hindi na ang mga gusto mong pagbabago ay lahat ilalagay sa SE Act o kung ang ilan ay mas bagay para sa mga regulasyon

**Mahalagang mga pagtutukoy:**

- Final Report of the 2020 Review of the Disability Standards for Education 2005 – tingnan rekomendasyon 2
- Final Report of the Royal Commission into Violence, Abuse, Neglect and Exploitation of People with Disability - tingnan rekomendasyon 7.6
- Senate Education and Employment References Committee report: Access to real learning: the impact of policy, funding and culture on students with disability - tingnan rekomendasyon 9

# 9. Kapag ang paaralan ay hindi maayos ang takbo

## Disiplina, mga pagsususpinde at mga pagpapalayas

### Ano ang nasa SE Act

Ang mga Section 88-96 ng SE Act ay sumasaklaw sa mga paglabag (breaches) ng disiplina, mga pagsususpinde, pagpapalayas at mga pagrerepaso ng mga desisyon ng paaralan. Itong mga seksyon ay nailalapat lang sa mga pang-gobyernong paaralan.

Ang mahalagang kataga ay ‘breach of school discipline’, na nagkakahulugan ng anumang gawa (act) o hindi ginawa (omission) na nagbigay kasiraan sa maayos na pagpapalakad ng paaralan.

Hindi isinaalang-alang ng depinisyon kung ang estudyante ay may kapansanan, o kung ano ang naging sanhi ng kanilang pinag-ugali o kung ang paaralan ay may ginagawang pakikipagtulungan sa estudyante para maiwasan ang ‘breach of school discipline’ sa pamamagitan ng paglalagay ng suportang plano at pagpapasunod nito.

**Ano ang sinasabi ng ibang mga mapagkukunan**

Ang disiplina para sa estudyanteng may kapansanan ay kumplikado. Napag-alaman ng Disability Royal Commission na ang mga guro at kawani ng paaralan sa kabuuang Australya ay nakikita ang mga inuugali (behaviour) na may kaugnayan sa kapansanan, na ang mga estudyante ay sinasadyang maging mapanggulo. Sa ganitong mga pangyayari, ang mga estudyante at pamilya ay kalimitang naniniwala na ang inuugali (‘behaviour’) ay isang senyales na ang estudyante ay hindi naunawaan, na nag-behaving distressed dahil sa kulang ng suporta o nangangailangan ng kakaibang mga adjustment para sila ay maging mas komportable.

Mga obligasyon ng karapatang pantao sa ilalim ng CRC at CRPD ay nagsasabi na:

- hindi maaaring magparusa ang mga paaralan sa estudyante dahil sa kanilang kapansanan
- ang pinakamagaling na interes ng isang bata ang dapat na pangunahing malasakit sa lahat ng mga pag-aksyon tungkol sa mga bata.

Ang DDA at ang *Equal Opportunity Act 1984* (WA) ay parehong nagsasabi na labag sa batas para sa mga paaralan na magdiskrimina laban sa isang estudyante nang dahil sa kapansanan (impairment) ng estudyante, sa pamamagitan ng pagpalayas ng estudyante o paglalagay sa kanila sa iba pang kapinsalaan (detriment).

May mga pagpula sa proseso ng pagpapalayas (exclusion) at pagsususpinde (suspension) sa Australya na paglabag sa ating mga obligasyon sa mga karapatang pantao, na ipinakikita sa:

- ang sobrang representasyon ng mga estudyanteng may kapansanan na hindi isinasali (excluded) sa mga paaralan, na kasintulad na rin ng tinanggihan sa pag-access (denial of access) sa edukasyon.
- ang katunayang pagpalayas ng mga bata sa paaralan ay bihirang nasa pinakamabuting interes (best interest) ng bata.

Nagrekomenda ang Disability Royal Commission na ang mga estado at teritoryo ay dapat tiyakin na:

- ang pagpalayas ng mga estudyante ay pinakahuling paraan (resort)
- ginagamit lang ang pagpalayas kung mayroong risko ng seryosong pinsala (harm)
- ang mga desisyong magpalayas ay kinunsidera ang kapansanan ng estudyante

- bago pa ang estudyante ay mapalayas, may ilang mga hakbang na ginagawa pati na ang pagkonsultasyon sa isang plano ng indibidwal na pag-uugali at mga resonableng mga pag-aadjustment.

Ang Victoria ay mayroong pang-Ministrong mga kautusan na ginagawa sa ilalim ng lihislasyon sa edukasyon (education legislation) na kinakailangang makunsidera ang pagkakaroon ng kapansanan sa mga bagay na pagdidisiplina. Nitong Marso 2024, nagharap (introduced) ang Queensland ng panukalang mga batas (draft laws) na nagsasabing ang mga paaralan ay dapat gumawa ng pangsuportang plano para sa mga estudyanteng may kapansanan na nasuspinde o nasa panganib na mapapalayas.

**Tanong**

9. Dapat bang magkaroon ng mga pagbabago sa SE Act tungkol sa disiplina, mga pagsususpinde o pagpapalayas? Kung gayun, ano dapat?

**Mga bagay na dapat pag-isipan**

- Tingnan ang mga sections 88-96 ng SE Act
- Ang konsepto ba ng ‘breach of school discipline’ ay isang hadlang sa access at mapangkupkop (inclusion) para sa mga estudyanteng may kapansanan?
- Kung ang tamang mga adjustment at suporta ay hindi ibinigay sa estudyante, makakaramdam sila ng hindi ligtas, hindi welcome at di-mapakali (unsettled) at inilalabas nila ito sa pamamagitan ng pag-uugali (behaviour). Tama ba na sila ay mapalayas dahil sa kanilang mga pag-uugali sa ganitong mga pangyayari?

**Mahalagang mga pagtutukoy:**

- Final Report of the Royal Commission into Violence, Abuse, Neglect and Exploitation of People with Disability: Volume 7 Inclusive education, employment and housing, Part A - tingnan section 3.3
- CRC - tingnan Articles 2, 3 at 28
- CRPD - tingnan Articles 7 at 15
- DDA - tingnan section 22
- *Equal Opportunity Act 1984* (WA) - tingnan section 66I
- Down et al, 2024, *What is missing in policy discourses about school exclusions,* Critical Studies in Education
- Final Report of the Royal Commission into Violence, Abuse, Neglect and Exploitation of People with Disability - tingnan rekomendasyon 7.2
- Ministerial Order 1125 made under the Education and Training Reform Act 2006 (Victoria)
- Education (General Provisions) and Other Legislation Amendment Bill 2024 (Queensland) - tingnan clause 94

## Pinaghihigpitang mga palakad (Restrictive practices)

Ang pinaghihigpitang mga palakad (restrictive practices) ay mga aksyon o pakikialam (interventions) na naglilimita sa kalayaan ng isang tao o kontrol sa kanilang pag-uugali. Ang pinaghihigpitang mga palakad ay ginagamit kung minsan bilang pagtugon sa mga paglabag ng disiplina o para magmentena ng kaayusan. Maaaring kabilang dito ang mga bagay na:

- pisikal na pagpipigil: hinahawakan o hinaharang ang kilos ng isang tao
- kemikal na pagpipigil: ginagamit ang gamot para mapatahimik (sedate) ang isang tao
- mekanikal na pagpipigil: ginagamit ang mga kagamitan (devices) gaya ng panali o sinturon (straps or belts) para masawata ang kilos o ang pag-aalis ng pangtawag na gamit (communication device) mula sa tao
- pagpapabukod (seclusion): ipinapag-iisa ang tao sa isang kwarto o espasyo, hindi sila maka-alis
- pangkapaligiran na pagpipigil: binabago ang kapaligiran para malimitahan ang pagkilos o aktibidad, gaya ng pagsusi (lock) ng pinto o pag-aalis ng mobility aids
- psychosocial: sasabihin sa tao na hindi sila makakagawa ng bagay kung hindi nila susubukang gumawa ng adjustment.

**Ano ang nasa Act**
Mga kapangyarihan na gagamitin sa ilang mga pinaghihigpitang mga palakad (restrictive practices) ay nasa mga regulasyon na nakaupo sa ilalim ng SE Act.

Ang Regulation 38 ng School Education Regulations 2000 ay nagsasabi na ang kawani ng pang-gobyernong paaralan ay maaaring gumawa ng resonableng mga aksyon laban sa isang estudyante o ari-arian nito, pati na pisikal na kontak para sa alinmang sumusunod na mga dahilan:

- para pamahalaan o alagaan ang isang estudyante
- para magmentena o ibalik ang kaayusan
- para mahadlangan ang isang tao sa pagpinsala ng iba pang tao o pagsira ng ari-arian

Itong regulasyon ay inilalapat lang sa mga pang-gobyernong paaralan.

**Ano ang sabi ng ibang mga mapagkukunan**
Ayon sa CRC, sinasabi nito na ang lahat ng mga bata ay may karapatan sa kalayaan at proteksyon mula sa pisikal o mental na pagkapinsala. Idinadagdag pa ng CRPD na ang mga batang may kapansanan ay hindi dapat alisan ng kalayaan nang walang magandang dahilan. Kung basta dahil lang sa kapansanan, ito ay hindi balidong dahilan para tanggalan ng kalayaaan ang isang tao. Ang bawa't tao na may kapansanan ay may karapatan na igalang at ang kanilang pisikal at mental na kapakanan ay itatratong parehas sa iba pang mga tao.

Ang mga pinaghihigpitang mga palakad (restrictive practices) ay hindi sinasaklaw sa DDA at DSE

Nirekomenda ng Disability Royal Commission na:

- dapat na maraming mga patakaran sa pinaghihigpitang mga palakad pati na ang paggamit nito kung mayroong seryosong peligro sa pinsala at bilang panghuling paraan lang matapos gamitin ang ibang mga istratehiya at para lang sa pinakamaikling panahon hangga't maaari. Ang anumang paggamit ng

pinaghihigpitang mga palakad ay dapat na repasuhin ng nakapag-iisa (independently) at mino-monitor

- ang ilang klase ng pinaghihigpitang mga palakad ay dapat na ipagbawal gamitin sa mga paaralan
- kailangang may datos na kokolektahin sa paggamit ng pinaghihigpitang mga palakad
- dapat na may mga target para bawasan at sa bandang huli ay maalis na ang paggamit ng pinaghihigpitang mga palakad.

Ang iba pang mga pagsisiyasat sa Australya ay nagrekomenda rin na tapusin na ang paggamit ng pinaghihigpitang mga palakad sa mga paaralan.

**Tanong**

10. Dapat bang magkaroon ng mga pagbabago sa SE Act (o mga regulasyon) tungkol sa mga pinaghihigpitang mga palakad? Kung gayun, ano dapat?

**Mga bagay na dapat pag-isipan**

Tingnan ang Regulation 38 ng School Education Regulations 2000

- Ang Department of Education's Student Behaviours in Public Schools Policy and Procedures ay nagsasabi na ang physical restraint ay gagamitin lamang sa pinakaminimum na oras na kailangan hanggang sa ang estudyante ay mapanumbalik (recover) sa pag-uugali (behaviour) na maaaring magtagumpay ang paggamit ng mas bawas na mga istratehiya. Ang mga patakaran ay nagsasabi rin na ang pagpahinahon (de-escalation) ay dapat na masubukan sa hangga't kakayanin ng oras, bago pa gamitin ang mga pinaghihigpitan na mga istratehiya. Sa palagay mo ba na ang ilan nito ay dapat nasa SE Act?

**Mahalagang mga pagtutukoy:**

- CRC - tingnan Articles 19 at 37
- CRPD – tingnan Articles 14 at 17
- Final Report of the Royal Commission into Violence, Abuse, Neglect and Exploitation of People with Disability – tingnan mga rekomendasyon 6.35, 6.36, 6.39 at 6.40
- Senate Education and Employment References Committee report: Access to real learning: the impact of policy, funding and culture on students with disability – tingnan rekomendasyon 10

## Lupon ng Tagapayo sa Kapansanan at Lupon ng Tagapayo sa Disiplina

### Ano ang nasa SE Act

Nagtatakda ang SE Act ng 2 iba't-ibang mga lupon para pag-aralan ang mga kaso ng pagpapalayas (exclusion case) sa mga pang-gobyernong paaralan. I-iksaminin ng mga ito ang bawa't kaso at magbibigay ng rekomendasyon sa Chief Executive Officer (CEO). Subali't, hindi dapat sundin ng CEO ang rekomendasyon.

Ang mga estudyante ay maaaring ipabukod/ipalayas (excluded) sa mga pang-gobyernong paaralan kung ang kanilang pag-uugali (behaviour) ay sumasapat (meets) sa kriterya ng:

- section 91(a) – kung masama ang naging epekto (adversely affect) ng ginawa o inilagay sa panganib (threatened) ang tao o sumira ng ari-arian
- section 91(b) – kung nakagambala (disrupt) sa pag-aaral ng ibang estudyante

**Lupon ng Tagapayo sa Kapansanan (Disability Advisory Panel)**
Ayon sa Section 87, ang Disability Advisory Panel ay dapat mabuo kapag ang estudyante na may kapansanan (bilang depinisyon ng SE Act) ay inirekomenda para sa pagpapalayas sa ilalim ng Section 91(b).

**Lupon ng Tagapayo sa Disiplina (Discipline Advisory Panel)**
Ayon sa Section 92, ang Discipline Advisory Panels ay itatakda para sa mga estudyanteng walang kapansanan na inirekomenda para palayasin sa ilalim ng alinman sa Section 91(a) o 91(b).

Mayroong kapansin-pansin na patlang (gap) na ang mga estudyanteng may kapansanan, na pinalayas sa ilalim ng section 91(a), ay hindi marapat sa proseso ng isang Disability Advisory Panel o isang Discipline Advisory Panel.

**Ano ang sabi ng ibang mga mapagkukunan**
Ang patlang (gap) sa paggamit ng mga lupon (panels) ay inilalapat lamang sa SE Act, kaya kung anuman ang ginagawa sa ibang mga lugar ay walang kaugnayan sa bagay na ito.

**Tanong**

11. Dapat bang magkaroon ng mga pagbabago sa Disability Advisory Panel at/o Discipline Advisory Panel sa mga section ng SE Act? Kung gayun, ano dapat?

**Mga bagay na dapat pag-isipan**

- Tingnan ang mga section 87, 91 at 92 ng SE Act.
- Paano mapapalitan ang mga lupon (panels) para mapahusay ang access at inclusion para sa mga estudyanteng may kapansanan?
- Sa naibanggit na noong una, ang ilang mga lugar ay hindi nagde-define ng kapansanan (disability) at sa halip ay pagkaiba't-iba (diversity) at ang lahat ng mga estudyante ay magkakaiba't-iba (different) at may magkakaiba't-ibang mga pangangailangan na dapat kunsiderahin at mag-adjust ang mga paaralan. Itong mga konsepto ay dapat ding ilapat sa mga lupon (panels) na ito.

**Mahalagang mga pagtutukoy:**

- Wala

## Mga pagtatalo at reklamo (Disputes and complaints)

**Ano ang nasa SE Act**

Ang section 118 ng SE Act ay isang mahalagang section na may kinalaman sa mga pagtatalo (dispute) at reklamo (complaints), at inilalapat ito sa mga pang-gobyernong paaralan lamang. Ang section 118 ay maikli lang at nagsasabi na ang mga regulasyon ay magagawa para magkaroon ng daan sa pagharap tungkol sa mga pagtatalo at reklamo tungkol sa probisyon ng edukasyon o sa naging ikinilos (conduct) ng isang miyembro ng kawani sa pagtuturo.

**Ano ang sabi ng ibang mga pagkukunan**

Ang sabi ng General Comment 4 sa Article 24 ng CRPD na dapat mayroong isang nagsasarili (independent), epektibo, naa-access, may-kalinawan (transparent), ligtas, at naipapatupad (enforceable) na mga paraan para pangasiwaan ang mga reklamo at mga legal na suliranin sa mga kasong tungkol sa karapatan sa edukasyon. Ang CRPD ay nagsasabi na ang mga taong may kapansanan ay may karapatang humanap, tumanggap at magbigay ng impormasyon sa mga paraan na mauunawaan nila; na tumanggap ng suporta para lubos na makasali sa mga proseso na makakaapekto sa kanilang mga buhay at upang sila at ang kanilang mga pamilya ay makapagtanggol sa kanilang mga karapatang pantao.

Ang Disability Royal Commission ay gumawa ng maraming rekomendasyon tungkol sa mga reklamo at pagtatalo, kabilang:

- Ang mga pamahalaang estado at teritoryo ay dapat lumikha o palawakin ang mga opisina na humahawak ng mga reklamo tungkol sa mga paaralan upang tumulong sa paglutas ng mga reklamo, lalo na sa mga kasong ang estudyante ay may kapansanan. Itong mga opisina ay dapat nakahiwalay sa mga paaralan at dapat na:
    - magbigay sa mga estudyante at magulang ng impormasyon tungkol sa kanilang mga karapatan at mapagpipilian
    - magsagawa ng mga pagkakasundo (conciliation), ikonekta ang mga pamilya sa may kapansanang suporta
    - mag-umpisa ng pormal na pag-iimbestiga kung ang reklamo ay isang seryoso o suliraning malaganap (systemic)
    - na kung ang reklamo ay hindi malulutas, tumulong na maisangguni ito sa isang independiyenteng organisasyon (body)
    - tumulong sa pag-analisa ng mga reklamo at i-ulat kung paano pahuhusayin ang sistema ng edukasyon
    - makipagtulungan sa mga principal upang matiyak na ang mga patakaran ng paaralan ay nakapokus sa mga estudyante, na naa-access, mabisa (efficient), ligtas, may-alam sa trauma (trauma-informed), at angkop sa kultura (culturally appropriate)
- dapat na isama ng DSE ang mga bagong tungkulin at mga panukala (measures) sa pangangasiwa ng mga reklamo upang matiyak na ang proseso ay nakapokus-sa-estudyante (student-focused) naa-acess (accessible), mabisa, ligtas, may-alam sa trauma (trauma-informed), at angkop sa kultura (culturally appropriate). Itong mga patakaran ay dapat nailalapat sa lahat ng

mga paaralan, kabilang ang hindi pang-gobyernong paaralan, para mai-monitor at maipatupad ang pagpapasunod (compliance).

Sa 2020 Review ng DSE na nagrekomendang ang DSE ay dapat magbago para isali ang mga principles sa mga proseso ng pangangasiwa ng reklamo.

**Tanong**

12. Dapat bang baguhin ang SE Act para ang mga reklamo ay mapangasiwaan sa kakaibang paraan? Kung gayun, ano dapat?

**Mga bagay na dapat pag-isipan**

- Tingnan sa section 118 ng SE Act
- Ano sa tingin at pakiramdam ng isang mahusay na proseso ng pangangasiwa ng reklamo?
- Ang SE Act ay may kaunting detalye ng pangangasiwa sa mga reklamo. Sa palagay mo ba dapat itong palawakin para isama ang ilang mga suhestiyon na ginawa ng Disability Royal Commission o sa pagrerepaso ng DSE?

**Mga mahalagang pagtutukoy:**

- Final Report of the Royal Commission into Violence, Abuse, Neglect and Exploitation of People with Disability – tingnan rekomendasyon 7.10

## Pagtitiyak na patuloy tayong magpapahusay

Ang mga suliranin at mga tanong sa papel na ito ay lahat tungkol sa mga ideya ng pagbabago sa SE Act para pahusayin ang access at mapangkupkop (inclusion) para sa mga bata at kabataang may kapansanan.

Ang pinal na tanong sa Pampublikong Usapan at Komento na ito ay para hanapin kung mayroon kang anumang mga ideya para sa pagpabago ng SE Act sa paraang makakatulong sa amin na malaman kung kami nga ba ay humuhusay o hindi.

**Tanong**

13. Sa mga lahat ng mga pagbabago na iminungkahi mo sa kaisipan, paano maimo-monitor ng pamahalaan kung ano ang nangyayari at maipakita na humuhusay ang mga bagay-bagay?

**Mga bagay na dapat pag-isipan**

- Baka gusto mong pag-isipan ang mga bagay tulad ng pangongolekta ng datos, pananagutan (accountability) at pag-uulat (reporting).

**Mahalagang mga pagtutukoy:**

- wala

# Mga dagdag A (Appendices A)

## Mahalagang mga kataga at acronym

**CRC** – United Nations Convention for the Rights of the Child

**CRPD** – United Nations Convention for the Rights of Persons with Disabilities

**Cth** – Commonwealth (of Australia)

**DDA** - *Disability Discrimination Act 1992* (Cth)

**DSE** – Disability Standards for Education 2005 (Cth)

**LRCWA** – Law Reform Commission of Western Australia

**SE Act** - *School Education Act 1999*

**WA** – Western Australia